ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 18
Setyembre 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL


Isakdal si Marcos! Magrebolusyon kontra korapsyon!

Patuloy ang pagdaluyong ng mga protesta sa buong bansa laban sa sistema ng korapsyon ng estado. Sinasalamin nito ang nag-uumapaw na galit ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino laban sa dambuhalang burukrata-kapitalistang pandarambong ng rehimeng Marcos.

Sa desperasyong tabingan ang sarili sa galit ng bayan, pilit nagpapapogi si Marcos para baligtarin ang matagal na niyang reputasyong pasimuno ng katiwalian. Habang iniipit ang ilang pulitikong karibal at maging mga alyadong hindi nagsesentro ng kikbak, pilit pinagtatakpan ni Marcos ang sariling papel sa malawak na korapsyon.

Binuo ni Marcos ang isang walang katuturang "independyenteng komisyon" na diumano'y mag-iimbestiga sa maaanomalyang proyektong *flood control*. Taktika lamang ang imbestigasyong ito na ipinag-utos ni Marcos Jr para lituhin ang mamamayan at ilayo sa kanya ang atensyon.

Tunay na si Marcos ang utak ng korapsyon sa likod ng maaanomalyang proyekto sa *flood control*, na binuhusan niya ng mahigit ₱1 trilyon mula nang maupo sa poder noong 2022. Gaya ng lahat ng kanyang sinundan, si Marcos ay kumakamal ng bilyun-bilyong piso mula sa kikbak sa multibilyong mga kontrata ng gubyerno, kabilang ang mga kalsada, tulay, riles, at iba pang malalaking proyekto sa konstruksyon, pati na rin sa ismagling, kontrata sa depensa, kontrata sa pagpapaupa ng lupa, at sangkatutak na paraan ng pagkulimbat sa salapi ng bayan.



Nagpapakasarap-buhay at nagtatampisaw sa karangyaan ang pinunong burukrata-kapitalistang si Marcos. Bantog ang hilig niya sa multimilyong pisong eksklusibong mga konsyerto at magarbong salu-salo tulad ng ginawa sa kaarawan niya kamakailan. Matindi siyang binatikos sa paglipad sa Singapore para lamang manood ng karera ng mga kotse. Ginamit niya at ng kanyang asawa ang pondo ng bayan para gawing personal na bakasyunan ang Malacañang, para sa kapritso ng kanilang pamilya.

Garapalang sinungaling si Marcos nang umastang kaisa ng bayan sa pagkasuklam sa korapsyon, at nang sabihing kung hindi siya presidente ay sasali rin siya sa mga protesta. Ang totoo, hawak ni Marcos ang mapaniil na kapangyarihan ng pasistang estado na ginagamit niya para busalan ang bayan at supilin ang lahat ng anyo ng paglaban ng mamamayan.

Buhay ang pamana ng 14-taong pasistang diktadura at pagsaid sa kaban ng bayan ng kanyang ama na si Marcos Sr. Ang mga organisador at kasapi ng mga unyon ng manggagawa, mga samahan sa komunidad, mga organisasyon ng estudyante, pati na rin ang mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao ay minamanmanan, niligalig at target ng marahas na pag-atake ng mga ahente ng estado. Daang-daan pa ring bilanggong puli-

tikal ang nakakulong. Walang habas ang mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas sa pagpataw ni Marcos ng batas militar sa libu-libong barangay sa kanayunan upang supilin ang pagtatanggol ng mamamayan sa kanilang lupa at kabuhayan laban sa pagpasok o pagpapalawak ng mga plantasyon at operasyong mina.

Si Marcos, pinuno ng burukrata-kapitalistang estado, ang hari ng korapsyon. Siya ang pinunong pasistang may kamay na bakal para durugin ang lahat ng tumututol at lumalaban. Siya ang pinunong "Tuta ng Kano" at utusang nagsisilbi sa estratehikong mga interes ng imperyalistang US sa ekonomya, pinansya, at militar.

Biktima ang mga Pilipino ng malawak at nasa sistemang korapsyon at pasismo. Nagdurusa sila sa nabubulok na serbisyong panlipunan, pagtaas ng gastusin sa pamumuhay, mababang sahod, laganap na kawalan ng trabaho, kawalan ng kabuhayan, at pangkalahatang paglubha ng kalagayang sosyo-ekonomiko. Nagbabangon at nagpoprotesta sila upang isakdal si Marcos at panagutin ang mga tiwali.

Kailangang patatagin ng mga Pilipino ang kanilang pagkakaisa, itatag ang kanilang mga organisasyon, at palawakin at patindihin ang kanilang mga protesta sa darating na mga buwan. Dapat nilang ilantad at itakwil ang ilang pwersang sumasakay sa protestang anti-korapsyon na nagsasanggalang kay Marcos kapalit ng pakinabang at pusisyon. Nagsisilbi sila sa mga pakana ni Marcos na pakalmahin ang protesta. Subalit bigo sila dahil ang mga hungkag at walang saysay na pakitang-tao ni Marcos ay lalo lamang gumagatong sa kilusang protesta. Lumalakas ang sigaw para sa pagbibitiw o pagpapatalsik kay Marcos at lahat ng tiwali sa estado.

Habang pinalalawak, ang mga protesta laban kay Marcos at sa malawakang korapsyon ay dapat itaas at iugnay ng sambayanang Pilipino sa pangkalahatang pakikibaka para wakasan ang mapang-api at mapagsamantalang sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang sistemang ito ay nasa ilalim ng maka-uring pamumuno ng malalaking burgesyang kumprador, mga burukratang kapitalista, at malalaking panginoong maylupa.

Ang mga uring ito sa Pilipinas ay iniluwal ng imperyalismong US at kumukontrol sa neokolonyal na estado. Lahat sila'y nananagot, sunud-sunuran at nakikipagsabwatan sa imperyalismong US sa pagdambong sa yaman ng bansa at sa pasistang panunupil sa malawak na masa ng sambayanan. Sa partikular, gamit ng mga burukratang kapitalista ang kapangyarihan ng estado para nakawin ang pera ng bayan at magpayaman sa lahat ng anyo ng korapsyon.

Sa huling pagtutuos, ang pakikibaka laban sa korapsyon at lahat ng anyo ng pang-aapi sa sambayanang Pilipino ay higit pa sa pagtatanggal kay Marcos o kahit sa pagpapatalsik sa buong pamahalaan. Mabubunot lamang ang ugat ng sistemikong korapsyon sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan para wakasan ang tatlong salot na burukrata-kapitalismo, imperyalismo at pyudalismo. Isinusulong ito ng Partido Komunista ng Pilipinas na tangan ang Bagong Hukbong Bayan bilang pangunahing sandata para wasakin ang armadong lakas ng reaksyunaryo at neokolonyal na estado.

Hinihimok ng Partido ang mamamayang Pilipino na ibayong palakasin ang kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon, palawakin ang hanay ng National Democratic Front, at suportahan ang, at sumapi sa, Bagong Hukbong Bayan.

Nananawagan ang Partido sa kabataan na magtungo sa malawak na kanayunan kung saan patuloy na nililinang ng rebolusyonaryong kilusan ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Ipinupundar ito sa batayan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng magsasaka, kabataan, kababaihan at iba pang demokratikong sektor, katuwang ang hukbong bayan. Nagsisilbi itong binhi ng demokratikong gubyernong bayan na hahalili sa bulok at papet na gubyerno sa saglit na makamit ang rebolusyonaryong tagumpay sa armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at katarungang panlipunan. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 18 | Setyembre 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman


Editoryal: Isakdal si Marcos! Magrebolusyon kontra sa korapsyon! 1
Korapsyon, binaha ng protesta 3
Pakikibaka kontra mapangwasak na mina 4
Tropa at kampo ng AFP, binigwasan 5
Mga martir ng Peñablanca, ginunita 5
AKP, inilunsad sa gitna ng atake ng AFP 5
Protesta kontra base militar ng US sa Pilipinas 5
Kilusang pagwawasto ng PKM sa Negros 6
Mga kaso ng pag-aresto at panggigipit ng AFP 7
Pagpapaliban ng pagdinig ng kaso ni Duterte sa ICC 7
Mga protesta 7
Sa madaling salita 8
Makatarungang presyo ng tabako, muling iginiit 9
"Scam hub," pang-aalipin sa mga migrante 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Korapsyon ng mga burukrata-kapitalista, binaha ng protesta

Laksa-laksang kabataan at mamamayan ang humugos sa lansangan sa nagdaang dalawang linggo para malawakang kundenahin ang kaliwa't kanang korapsyon sa ilalim ng rehimeng Marcos. Ipinanawagan nila ang pagpapanagot at pagpapakulong sa lahat ng mga dawit sa katiwalian laluna sa mga proyektong *flood control*.



Naging tampok ang pagkilos ng puu-puong libo sa Luneta Park sa Maynila ngayong Setyembre 21 sa pangunguna ng mga grupo ng kabataan, alyansang TAMA NA (Taumbayan Ayaw sa Magnanakaw at Abusado Network Alliance), at ng Bagong Alyansang Makabayan. Binaha ng mga tao ang Luneta para igiit na "TAMA NA! Itigil ang kurakot! Lahat ng sangkot, dapat managot!"

Dumalo sa protesta ang mga manggagawa, magsasaka, maralitang-lunsod, taong-simbahan, kababaihan, guro, propesyunal at iba pang sektor.

Grupu-grupong dumalo ang mga siklista, *rapper*, *rider*, *drag queen* at iba pang grupong unang lalahok sa isang protesta. Nagsalita sa programa ang mga kinatawan ng progresibong partido, lider-masa, pari, at mga biktima ng baha at sakuna.

"Pinatutunayan [ng mga nalalantad na katiwalian] ang hagupit ng burukratang kapitalismo kung saan ginagamit ng mga pulitiko ang kanilang pusisyon at impluwensya... para palakihin ang kanilang kayamanan at kapangyarihan," pahayag ng Bagong Alyansang Makabayan.

Itinuro nila si Ferdinand Marcos Jr bilang prinsipal na may pananagutan sa kahindik-hindik na korapsyon sa mga proyektong *flood control*. Binatikos ng grupo ang tusong pagmamaang-maangan ni Marcos sa korapsyon gayong siya ang nagpanukala, pumirma at nagpatupad sa pambansang badyet. Tutungo ang Bayan sa Mendiola para singilin si Marcos.

Kasabay nito, dapat rin umanong panagutin si Sara Duterte at Rodrigo Duterte sa paglulustay sa *confidential and intelligence funds*, sa Pharmally *scam*, at iba pang korapsyon. Bahagi sila ng sistematikong korapsyon sa bansa.

Liban sa Luneta at Mendiola, isinagawa rin ang pagkilos sa EDSA People Power Monumet sa Metro Manila.

Sa iba pang bahagi bansa, isinagawa ang mga demonstrasyon at aktibidad sa Ilocos Norte, La Union, Pangasinan, Benguet, Cagayan, Isabela, Pampanga, Bulacan, Oriental at Occidental Mindoro, Camarines Sur, Catanduanes, Albay, Sorsogon, Negros Occidental at Oriental, Iloilo, Capiz, Antique, Aklan, Bohol, Cebu, Eastern Samar, Leyte, Misamis Oriental, Davao del Sur, at South Cotabato.

Malapad na kilusang protesta

Bago ang pagsasama-sama sa Luneta at EDSA, naging matingkad na ang malawak na partisipasyon ng mga kabataan at iba pang demokratikong sektor para tuligsain ang korapsyon. Iba't ibang malikhaing porma ng protesta ang isinagawa sa buong Pilipinas.

Kabilang sa mga pagkilos na ito ang mga *walkout* at boykot sa klase sa nagdaang linggo ng higit 16,000 mga estudyante, guro at kawani sa University of the Philippines sa Los Baños (7,000), Diliman (5,000), Baguio (1,800), Cebu (1,000), Manila (600), Mindanao (600), Pampanga (200), Visayas (200), at Tacloban (120). Nagsagawa rin ng mga piket at demonstrasyon sa higit 40 mga pampubliko at pribadong unibersidad, kabilang ang pinakamalalaki sa bansa sa Ateneo de Manila University (2,000), Saint Louis Universirty (1,000), Cavite State University (400), Bulacan State University, Tarlac State University, Bicol University, Mindoro State Unversity, Visayas State University, Mindanao State University-GenSan, Xavier University at mga eskwelahan sa ilalim ng One Taft Alliance.

Halos araw-araw ang piket ng mga pambansa at lokal na grupo sa

Sundan sa pahina 4

Pakikibaka kontra mapangwasak na mina at *dredging*

Naiulat sa nagdaang mga linggo ang ilang nakamit na tagumpay at nagpapatuloy na paglaban ng mga residente sa mga mapangwasak na pagmimina at dredging sa Ilocos Sur, Kalinga, Nueva Vizcaya, Mindoro at Sorsogon.

Sa Ilocos Sur, natulak ng sama-samang pagkilos ng mamamayan ang lokal na gubyerno na magsalita at magpahayag ng pagpapatigil sa operasyon ng mapangwasak na operasyong *dredging* ng Isla Verde Mining and Development Company sa bukana ng Lower Abra River sa saklaw ng prubinsya. Noong Setyembre 2, nagpahayag ang lokal na gubyerno na ipahihinto ang operasyon bunga ng sama-sama at walang humpay na pagkilos ng mga komunidad.

Sa Kalinga, naipabasura ng mga katutubo ang inilabas na bogus na Free, Prior and Informed Consent para sa Saltan Dam na proyekto ng kumpanyang Australian na JBD Water Power Inc. Napag-alaman ito ng mga residente noong Setyembre 15 kasabay ng pagsasampa nila ng mga petisyon sa National Commission for Indigenous Peoples para ipabasura ang FPIC para sa Saltan Dam at Upper Tabuk Hydropower Project (UTHP). Ibinalita rin sa kanila na ang FPIC para sa UTHP ay posible ring bawiin at ibasura.

Sa Nueva Vizcaya, nagbarikada ang mga residente ng Barangay Bitnong, Dupax del Norte sa kanilang lupain mula Setyembre 17 upang harangin ang pagpasok ng mga gamit sa pagmimina ng Woggle Corporation, isang kumpanyang nakabase sa United Kingdom. Dahil sa malawakang pagtutol ng mamamayan sa planong eksplorasyon, pansamantala itinigil ng kumpanya ang kanilang operasyon.

Sa Oriental Mindoro, inilunsad ang isang *prayer rally* noong Setyembre 6 sa palengke sa bayan ng Gloria upang tutulan ang dredging sa isla. Dumalo sa pagkilos ang iba't ibang samahan, organisasyon, simbahan, mga pulitiko, at residente mula Calapan City hanggang Bansud. Anila, lubhang nakakasira baybayin at banta sa kabuhayan ng mga mangingisda ang *dredging*.

Sa Sorsogon, naipasuspinde ng mga residente noong Setyembre 10 ang permit ng Siating Construction and Development Corporation para sa pagkwari ng bato at buhangin sa Barangay San Roque sa bayan ng Bulusan. Ibinatay ng gubernador ang desisyon sa hinain na position paper ng San Roque Ecological Initiative ng Barangay San Roque. Anang mga residente, iligal ang kwari dahil walang pampublikong konsultasyon. Malapit din ito sa Bulusan Volcano Natural Park (BVNP), na isang *protected area.* AB

Mula sa pahina 3

Metro Manila kabilang sa Quezon City, Maynila, Navotas City, Caloocan City, Muntinlupa City, Taguig City at Marikina City. Sa buu-buong bayan, tulad sa Hagonoy, Bulacan, dumagsa ang mga residente sa lansangan para kundenahin ang palpak na pagtugon sa baha na halos buong taon nang di humuhupa. Kumilos rin ang 6,000 residente ng Pampanga kontra korapsyon. Nagkasa rin ng ilang araw na tigil-pasada ang mga grupo sa transportasyon. Binigyang hugis rin ang labis na galit ng mamamayan sa pagsugod at pagbato ng putik at pintura sa mga upisina ng ahensya ng gubyerno at kontratistang sangkot sa korapsyon.

Sa hindi baba sa 16 na unyon sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno, naglunsad ng protesta tuwing *lunch break* at uwian ang mga unyon sa Nexperia Phils, PUP Janitors, Philfoods Fresh-Baked Products, Pambato Cargo Forwarders, Daiwa Seiko Philippines Corp at marami pang iba. Sigaw nila: Marcos, kumander-in-thief panagutin! Kabi-kabila rin ang kalampagan at pagpapabatingaw ng mga kampana ng simbahan, sama-samang pananalangin, pagtitirik ng kandila, pagsasabit at pagdidikit ng mga balatengga at *poster*, paggawa ng mga kanta at *rap*, sayaw-protesta at *zumba*, *fun run* at iba pang tipo ng pagkilos.

Naghugis rin ang pagkundena sa katiwalian sa biglaang pagkabuo sa iba't ibang antas ng mga ugnayan, alyansa at samahan. Malinaw ang mensahe ng kilusang protesta: paniningil at pananagutan. AB



UP-Los Baños, September 19, 2025

Tropa at kampo ng AFP sa Negros Occidental at Quezon, binigwasan ng BHB

SA GITNA NG higit pang tumitindi at tuluy-tuloy ng mga operasyong militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kanayunan, nakapagsagawa ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng mga armadong aksyon at aktibong depensa sa Negros, Quezon, at Mindoro.

Sa Negros Occidental, pinaputukan ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) ang nag-ooperasyong tropa ng 79th IB sa Purok 5, Barangay XI (Gawahon), Victorias City noong Setyembre 14 ng gabi. Nasugatan ang ilang sundalo, na nagsisilbing protektor ng panginoong maylupang nangangamkam ng lupa.

Sa Quezon, muling pinaputukan ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command) noong Setyembre 4 ng gabi ang bagong tayong kampo militar ng 85th IB sa Barangay Cogorin Ibaba, Lopez. Pangalawang beses nang inatake ng BHB ang kampo na ipinagbunyi ng mga residente.

Sa ulat kamakailan ng BHB-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr Command), pinaputukan nito ang nagkakampong tropa ng 15th IB sa Sityo Patol, Barangay Caliling, Cauayan, Negros Occidental noong unang linggo ng Agosto.

Aktibong depensa. Nakapaglunsad ng kontra-atake ang BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) laban sa umaatakeng tropa ng 1st IB sa Sityo Tugas, Barangay San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro noong Setyembre 9. Ayon sa yunit, kaagad nitong nabantayan ang presensya ng pwersa ng 1st IB kung kaya maagap na nakapaghanda, nakapusisyon at nakapagpaputok ang mga Pulang mandirigma.

Napatay sa labanan ang isang sundalo at nasugatan ang dalawang iba pa. Samantala, pinarangalan ng BHB-Mindoro si Ka Kardo, 33, Pulang mandirigmang namartir habang magiting na nakikipaglaban sa mga pasista.

Mga martir ng Peñablanca, ginunita

GINUNITA NG REBOLUSYONARYONG pwersa noong Setyembre 11 ang unang anibersaryo ng pagkamartir ng mga kasamang sina Ariel Arbitrario (Ka Karl), Erin Sagsagat (Ka Jorly), at Danielle Marie Pelagio (Ka Seed), ang tinaguriang Peñablanca 3. Ang tatlo ay pawang mga *hors de combat* na karumal-dumal na pinatay ng berdugong 502nd IB sa Barangay Baliuag, Peñablanca, Cagayan.

Bilang pag-alala sa kanilang maningning na buhay, at di matatawarang kabayanihan at ambag sa pambansa-demokratikong rebolusyon, naglunsad ng parangal ang rebolusyonaryong mga pwersa ng Cagayan Valley na may temang, "Pakinangin ang ginintuang kabayanihan ng ating mga martir! Magwasto at ipagpatuloy ang tinahak nilang landas ng rebolusyon!"

Pinakamataas na pagpupugay ang iginawad sa tatlo at inalala ang kanilang buhay at pakikibaka bilang mandirigma ng mamamayan. Nag-alay ng mga tula at kanta ang iba't ibang mga grupo at indibidwal sa parangal. Ilan sa mga itinanghal ay ang mga tula na Binhi ng Paglaya ni Amanda Echanis, Tagubilin at Habilin ni Jose Lacaba, at Hukbo ng Maralita ni Kerima Tariman. Nagbuo din ng *video tribute* ang BHB-Cagayan Valley na may pagbigkas ng tulang Silang mga Walang Kamatayan ni Emil Magalat. Nagtapos ang programa sa pagkanta ng Mangahas at ng Awit ng Pag-asa. Tunay na inspirasyon silang mga di pangkaraniwan at ang kanilang di mamamatay na kadakilaan!

AKP, inilunsad sa gitna ng atake ng AFP

MATAGUMPAY NA NAGTAPOS ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan-Mindoro (Lucio De Guzman Command) ng Abanteng Kurso ng Partido sa kabila ng matinding atake ng pasistang AFP. Kalakhan sa mga estudyante ay mula sa hanay ng mga magsasaka at pambansang minorya. Inilunsad ang pag-aaral mula Hulyo 29 hanggang Agosto 10.

Isinagawa ang pag-aaral upang itaas ang pampulitikang kamalayan at higit na mapatibay ang paninindigan ng hukbo ng mamamayan. Isinulong ito sa tulong ng lokal na mga pwersa at masa at mga Pulang mandirigma na nagsilbing sekyuriti at taguyod sa pag-aaral. Ani Ka Jomar, kumander ng yunit, "Naging matagumpay ang pag-aaral dahil sa matalas na pagbasa ng mga kasama sa sitwasyon, katuwang ang masa."


Protesta kontra base militar ng US sa Pilipinas

NAGPROTESTA SA HARAP ng US Embassy sa Pasay City ang iba't ibang grupo sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) noong Setyembre 16 upang kundenahin ang tumitinding presensya ngayon ng mga tropang Amerikano, mga armas pandigma, *war games* at base militar ng US sa teritoryo ng Pilipinas. Paggunita din ang protesta sa ika-34 na anibersaryo ng makasaysayang pagpapalayas ng mga base militar ng US sa Pilipinas.

Noong Setyembre 16, 1991, higit 170,000 patriyotikong mga Pilipino ang nagtipon sa harap ng Senado, para ipanawagan ang pagbasura sa pagpapalawig ng RP-US Military Bases Agreement. Ayon sa Bayan, kumakaharap ngayon ang bansa sa nakababahalang pagbaligtad sa tagumpay na iyon. Sa sumunod na mga taon at rehimen, binuo ang iba't ibang kasunduan at ligal na batayan ng muling pagpasok ng tropang militar ng US sa Pilipinas. Kabilang dito ang Visiting Forces Agreement at Enhanced Defense Cooperation Agreement na naging daan para sa panunumbalik ng mga base militar ng US sa bansa.

Koresponsal

Kilusang pagwawasto sa pagtatayo ng samahang masa sa Negros



Hindi nakalilimutan ng mga residente ng Marcia ang ilang dekada nang pagtulong ng Partido at hukbong bayan sa kanilang komunidad. Sa matagal na panahon, naging kapiling nila ang mga Pulang mandirigma. Sa gabay ng Partido, napag-aralan nila ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino, mga espesyal na kurso at iba pa na nag-oorganisa at nagpapakilos sa buong baryo. Nabigyan ng solusyon ang problema ng kanilang kanunu-nunuan laban sa mga grupong tulisan sa lugar na harap-harapang nang-agaw ng kanilang mga produkto at pumatay sa kanilang mga kapamilya at kabataan nang walang kalaban-laban. Naparusahan ang mga lider ng grupong ito.

Sa ilalim ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, nailunsad nila ang anti-pyudal na pakikibaka laban sa mga lokal na panginoong maylupa. Naging matagumpay sila sa pagwawakas sa mapagsamantalang pamamaraan ng mga ito. Naipagtagumpay nila ang hindi pagbibigay ng porsyento ng kanilang ani. Sa tulong ng mga kasama, naging kagawian nila ang pagpapatupad ng simpleng kooperasyon sa gawaing produksyon at iba pa sa baryo.

Anila, hindi nila noon nakamit ang hustisya kung wala ang Partido, hukbong bayan at buong rebolusyonaryong kilusan.

Pagwawasto at pagsulong

Isinabay ng taga-Marcia ang pagtukoy ng mga kamalian at kahinaan sa hanay ng Partido, Hukbo at organisayong masa sa proseso ng muling pagtatayo ng balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM). Inilunsad nila ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Pinuna nila ang mabagal na pagtayo ng PKM at ang ningas-kugon na estilo ng gawaing masa. Anila, hindi nabigyang pansin ang gawaing pagpapalawak ng baseng masa. Paulit-ulit ang pag-aaral ng mga kurso sa PADEPA at iba pa na hindi naman angkop sa kasalukuyang hinaharap na suliranin sa baryo at baseng masa. Ang Partido, Hukbo at buong rebolusyonaryong kilusan ay sabay-sabay ding nagpuna-sa-sarili sa kanilang mga ambag sa kabuuang pag-atras sa nakalipas na mga taon.

Sa dulong bahagi ng asembliya, idinaos ang eleksyon sa pagpili ng tagapangulo at mga kagawad bilang mga pangalawang tagapangulo sa iba't ibang larangan ng gawain. Inihalal nila ang dating mga lider sa komiteng pang-organisa bilang mga kagawad. "Panghawakan natin ang ibinigay ng taumbaryo na katungkulan," panata ng bagong halal na komite.

Kaagad na inihapag ang isang taong programa ng PKM para itaas ang antas ng organisasyong masa. Target nilang itayo ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo sa loob ng anim na buwan. Bago nito, sunud-sunod nilang itatatag ang ganap na samahang masa ng kabataan, kababaihan at mga mangggawang pangkultura. Gagampanan din nila ang gawaing rekoberi at pagpapalawak ng baseng masa para may malawak na makikilusan ang mga kasapian at magsilbing maniobrahan ng Bagong Hukbong Bayan habang pinangingibabawan nito ang "*self-constriction* at sobrang konsentrasyon."

Target din ng samahan na sabay-sabay na konsolidahin ang lahat ng pwersa sa pamamagitan ng gawaing edukasyon at propaganda. Bibigyan-diin nito ang pag-aaral sa Padepa, Rebolusyon, kurso sa digmang bayan at iba pa. Nais din nitong palakasin ang milisyang bayan at iba pang yunit gerilya na reserbang lakas ng BHB. Batid nila ang kahalagahan nito bilang dagdag na armadong pwersa sa pagpaparusa sa mga traydor at pasistang kaaway, at sa pagsamsam sa kanilang mga armas at iba pang lohistikang militar mula sa matatagumpay na taktikal na opensiba.

Hangad nilang kumpletuhin ang gawain sa panlipunang pagsisiyasat at dugtungan ang matagumpay na kilusang anti-pyudal sa nakaraan laban sa mapagsamantalang panginoong maylupa at humaliling bagong tipong panginoong maylupa sa kanilang lugar.

Ayon kay Ka Jetro, isa sa mga lider masang dumalo, "ang matagumpay na pagtatag natin ngayon ng PKM sa baryo ang patunay ng katotohanang matatag na nakatayo ang rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan." Habang ipinupunla natin ang binhi ng organong kapangyarihang pampulitika sa ating prenteng gerilya ngayon, tiyak na ginagawa din ito ng mga kasama sa iba pang larangang gerilya sa buong kapuluan, aniya.

Sa pag-uwi ng mga dumalo, dala-dala nila ang kanilang bagong mga katungkulan at maalab na hangaring kamtin ang pambansang kalayaan at tunay na demokrasya.

(Basahin ang unang bahagi, Balangay ng PKM, naitayo sa gitna ng operasyong militar sa Negros, Ang Bayan, Setyembre 7, 2025) AB

Mga kaso ng pag-aresto at panggigipit ng mga pwersa ng estado, naitala

Walang tigil ang paghahasik ng karahasan ng armadong mga pwersa ng estado sa mamamayang tumitindig para sa kanilang mga karapatan.

Panganganyon. Dis-oras ng gabi noong Setyembre 9 hanggang umaga ng Setyembre 10 ay nagpakawala ng mga bala at nanganyon ang 203rd IBde sa Sityo Tugas at katabing mga komunidad sa Barangay San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro. Tinarget ng pang-iistraping at panganganyon hindi lamang ang kagubatan kundi ang mga taniman, komunidad ng mga katutubong Mangyan, at mga lugar na pinaghihinalaan nilang inatrasan ng hukbong bayan na kanilang nakasagupa.

Bunga nito, napilitang lumikas ang daan-daang katutubong Mangyan kabilang ang mga bata, kababaihan, at mga matatanda na taga-Sityo Tugas at Sityo Swerte ng Barangay San Vicente at mga kalapit pang kabahayan.

Pag-aresto. Noong Setyembre 16, inaresto ng mga pulis ang apat na residente ng Catmon, Malabon City sa mga kasong *perjury* at *grave coercion*, habang isang nadawit pa sa kaso ang sumuko. Ang mga ikinulong ay myembro ng Sandigan Nagkakaisang Mamamayan sa Upper Catmon na tumututol sa planong demolisyon at pangangamkam ng lupa sa barangay.

Panggigipit. Sa nagdaang mga linggo, tiniktikan at ipinatawag ng mga pulis ang pitong myembro ng Amihan-Cagayan para ipailalim sa interogasyon at piliting tumiwalag sa kanilang organisasyon. Kabilang sa kanila ang lider-kababaihan na si Emilia Ventula.

Sa Negros Occidental, naiulat ang sapilitang pagpasok ng mga pwersa ng estado sa bahay at pinagbantaan ang dalawang magsasaka sa Barangay Macagahay, Moises Padilla at Barangay Marcelo, Calatrava. Ganito rin ang ginawa sa bahay ng mga residente ng Barangay Linantuyan at Barangay Trinidad sa Guihulngan City. Pinuntahan sila sa kalagitnaan ng gabi, ipinailalim sa interogasyon at tinutukan ng baril.

Sa Panay, pinaratangan ng 3rd IB ang lider ng Paghugpong sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras (PAMANGGAS) na si Lucia Capaducio bilang isang rebelde na "at large" (may kaso at hindi pa nadadakip) dulot ng pagkamartir ng kanyang anak na Pulang mandirigma. AB

Pagpapaliban ng pagdinig ng kaso ni Duterte sa ICC, ikinadismaya ng mga biktima

LUBOS NA IKINADISMAYA ng mga biktma at kanilang mga abugado at tagasuporta ang pagpapaliban ng Pre-Trial Chamber ng International Criminal Court (ICC) sa naka-iskedyul na kumpirmasyon ng kasong krimen laban sa sangkatauhan ni Rodrigo Duterte sa Setyembre 23. Kinatigan ng korte ang pahayag ng mga abugado na "wala sa katayuan" o hindi "fit to stand trial" si Duterte. Ayon sa prosekusyon ng ICC, mismong ang mga anak ni Duterte ang nagsasabing nasa wastong pag-iisip ang kanilang ama.

Mula nang ipailalim sa kustodiya ng ICC si Duterte, aktibong nagmamaniobra ang kanyang mga abugado para ibalam at kalauna'y ipabasura ang kaso laban sa kanya. Sunud-sunod ang mga petisyon na inihain nila para iwasan ang kumpirmasyon ng asunto.

Mariing tinututulan ng mga biktima ang mga pakanang ito. Panawagan nila, ituloy ang pagdinig sa pinakamaagang panahon.



Manindigan Network, itinatag. Nagsama-sama ang mga lider-relihiyoso, taong simbahan, mga grupo sa karapatang-tao at iba pa upang itatag ang Manindigan Network isang ugnayang lalaban sa mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas sa ilalim ng rehimeng Marcos, noong Setyembre 6 sa Shalom Center sa Maynila. Noong Setyembre 12, itinatag din ang Manindigan-Central Luzon, sa Saint Scholastica's Academy sa San Fernando, Pampanga, ang kauna-unahang panrehiyong balangay nito.

Laban ng mga *delivery rider* sa Cebu. Sumugod ang mga Maxim *delivery rider* at myembro ng Piston Cebu sa LTO Central Visayas Office noong Setyembre 15 upang ipanawagan ang pag-release ng mga lisensya at motorsiklo nilang kinumpiska ng mga awtoridad. Kinundena nila ang panggigipit at di makatwirang aksyon ng ahensya sa mga *rider* ng Maxim.

Okupasyon ng mga Israeli sa Siargao, kinundena. Naglunsad ng protesta ang nasa 80 residente ng Siargao sa Sunset Bridge sa Catangnan noong Setyembre 14 upang kundenahin ang nagaganap na henosidyo sa Gaza, ang unti-unting pananakop ng mga Israeli sa kanilang isla at ang planong pagtatayo ng Chabad House dito. Naglunsad din ng *petition signing* laban sa pagtatayo ng Chabad House at kasalukuyang nakapagtipon na ng 3,550 na pirma.

Korapsyon sa budget para sa 2026, tinutulan. Nagprotesta noong Setyembre 10 sa harap ng Senado ang mga pambansang demokratikong organisasyon, upang kundenahin ang pagratsada ng budget ng Office of the President sa kongreso gamit ang tabing na "parliamentary courtesy". Ayon sa mga grupo, batbat ng korapsyon ang budget para sa 2026. Tinaasan ang budget para sa modernisasyon ng AFP, *confidential and intelligence funds* at NTF-Elcac, habang binawasan ang budget para sa serbisyo sa kalusugan at halos walang pagtaas para sa budget sa edukasyon.



32%

lamang ng mga proyekto sa *flood control* ang isinapubliko ng rehimeng Marcos sa website nitong "Sumbong sa Pangulo" na batayan ngayon ng mga imbestigasyon; limitado ang mga datos at di bukas ang proseso ng pagpili sa mga ito.

Pinagkunan: Ibon Foundation

₱21 MILYON

ang tinanggap ni Ferdinand Marcos na "kontribusyon" sa kanyang kampanya pagkapresidente mula sa 2 kontraktor ng proyektong flood control; ₱19.9 milyon naman ang tinannggap ni Sara Duterte. Pag-upo nila sa pwesto, biniyayaan ng malalaking pampublikong kontrata ang mga kontraktor na ito.

Pinagkunan: PCIJ

WALANG NAG-ENROL SA ROTC SA UP-BAGUIO,

patunay ng pagtakwil ng mga estudyante sa militaristang programa.

2.4%

lamang ng kabuuang badyet para sa 2026 o ₱153.9 bilyon ang mapupunta sa agrikultura, kung saan ₱16 bilyon ay para pa sa kinukurakot na ***farm-to-market roads***. Wala pa ito sa kalahati ng 6% nakalaan sa militar, at malayo sa 23.6% sa batbat ng kurapsyong mga proyektong pang-imprastruktura.

₱735B

ang inilaan ng rehimeng Duterte para sa mga proyektong ***flood control*** sa 6-taon niyang panunungkulan, mula $64 bilyon sa 2016 tungong $128 bilyon noong 2022.





Gabriela Women's Party

ipinroklama bilang **ika-64 na kinatawan** ng sistemang *party-list* matapos magdesisyon ang Comelec na kumpletuhin ang 20% nasa batas na kailangang kinatawan ng mga *party-list* sa Kongreso.

8

pinatay at sapilitang iwinala na tagapagtanggol ng kalikasan ang naitala sa Pilipinas noong 2024; sa Asia, ang Pilipinas ang "pinakanakamamatay na bansa" para sa kanila sa nakaraang 12 taon.

Pinagkunan: Global Witness



100+

nang mga Pilipinong *seafarer* ang idineport ng US sa kampanya nitong kontra-migrante kahit kumpleto ang mga papeles nila.

Pinagkunan: Tanggol Migrante

WALANG BADYET

para sa ipinagmayabang ni Marcos na **Zero Balance Billing**; ibig sabihin, kukunin sa nagbabayad na mga pasyente ang subsidyo, at di mula sa estado.

Makatarungang presyo ng tabako, muling iginiit

Muling inilunsad ng mga magsasaka ng tabako sa mga prubinsya ng Ilocos ang kampanya para itaas tungong minimum na ₱128 kada kilo ang presyo ng bilihan ng tabako. Kasalukuyang nakapako sa humigit-kumulang ₱97 kada kilo ang bilihan ng tabako, na minsan ay sumasadsad sa ₱50, depende sa klasipikasyon at kalidad.

Kada dalawang taon, itinatakda ng "tripartite talks" o pag-uusap ng tatlong panig, sa pangangasiwa ng National Tobacco Administration (NTA), ang presyo ng bilihan ng tabako. Pinadadalo sa pulong ang mga *trader* ng tabako, nagmamanupaktura, at magsasaka. Karaniwang nananaig at pinakikinggan ng NTA ang boses ng mga komersyante at negosyante sa mga pulong na ito. Ayon sa mga magtatabako, litaw na litaw dito ang sabwatan ng NTA at mga kumpanya.

Noong Oktubre 2023, itinaas lamang nang karampot na ₱3.90-₱9.90 kada kilo ang presyo ng bilihan ng tabako para sa 2024-2025. Ipinagmalaki pa ng NTA na ang pagtaas sa presyo ang pinakamataas na sa nagdaang dalawang dekada. Huling tumaas ng ₱10 kada kilo ang presyo ng tabako noong 2008-2009.

Inilulunsad ngayong Setyembre ang panibagong serye ng konsultasyon o Pre-Tripartite Conference para sa itatakdang pagtaas ng presyo ng tabako para sa 2026-2027.

Hindi pinakikinggan, sinusupil

Sa Ilocos, hindi inimbitahan at tinanggihan ng NTA na lumahok ang mga magsasakang myembro ng Stop Exploitation-KMP para ipahayag ang kanilang panig sa ginanap na pulong sa Candon City noong Setyembre 11. Naglunsad ng piket at nangalampag ang Stop Exploitation sa pulong at nanindigan na mayroon silang karapatan na makibahagi sa pulong.

Sa paggigiit, natulak ang lokal na NTA na papasukin ang mga kinatawan ng grupo at pakinggan ang kanilang panawagan. "Walang industriya ng tabako kung wala ang mga magsasaka," pahayag ni Julie Balangue, tagapagsalita ng grupo.

Hindi na nga pinakikinggan, tahasan pang nakaranas ng panunupil mula sa mga pwersa ng estado ang mga lider-magsasakang humarap sa pulong. Ilang araw matapos ang pulong, naiulat na pinuntahan ng mga pulis sa Barangay Maradodon, Cabugao ang bahay ni Teresita Taliboguen, lider ng Kalipunan dagiti Mannalon Ken Mangngalap iti Probinsya ti Ilocos Sur.

Hindi nakausap ng mga pulis si Taliboguen, ngunit anila, tiyak ang kanilang grupo na walang ibang pakay ang mga ito kundi takutin, at patigilin siya sa kanyang aktibong partisipasyon sa mga pagkilos para sa karapatan at kagalingan ng mga magsasaka sa Ilocos Sur.


Makatarungang presyo

Para hindi malugi, kinakailangan ng mga magtatabako na maibenta ang kanilang produkto sa mahigit ₱128 kada kilo, malayo sa minimum na presyong ₱81-₱97 sa kasalukuyan. Giit ng mga magsasakang sa tabako, makatarungan lamang na itaas ang presyo ng tabako dahil tumataas rin ang gastos sa produksyon at trabaho.

Ayon sa pag-aaral ng Stop Exploitation, grupo ng mga magsasaka sa Ilocos, naglalaan ng 232 araw ang mga magtatabako para sa kabuuang proseso ng pagtatanim hanggang pagbebenta ng tabako. Gumagastos sila ng hindi bababa sa ₱91,877 sa produksyon at nagbabayad ng karaniwang ₱13,500 para sa upa sa isang ektaryang lupa. Bukod pa rito ang gastos sa pagkain ng mga manggagawa at iba pang biglaang bayarin.

Tutugon din ang pagtaas ng presyo sa arawang pangangailangan ng isang lima-kataong pamilya ng mga magsasaka. Sa pag-aaral ng grupo, nangangailangan ang kada pamilya ng minimum na ₱739.75 kada araw para matustusan ang mga pangangailangan.

Ngayong taon, itinutulak ng mga magtatabako na itaas nang ₱16.96-₱69.98 ang presyo ng mga tabakong batek, *native*, Virginia at Burley. Hinihingi rin nilang tanggalin na ang hindi makatwirang sistema ng klasipikasyon na walang ibang layunin kundi baratin ang presyo. Panawagan rin nila ang mas maayos na mga kundisyon sa "contract growing" ng tabako.



Mayorya ng mga sakahan ng tabako ay matatagpuan sa Ilocos (66%), sunod sa Cagayan Valley (19%). Nakasalalay sa industriya ang 2.1 milyong Pilipino kabilang ang tinatayang 430,000 magsasaka, manggagawang-bukid at kanilang mga pamilya. AB

“Scam hub trafficking,” panibagong porma ng panlilinlang at pang-aalipin sa mga migrante


Nitong nagdaang mga buwan, tumambad ang karumal-dumal na mga kaso ng *human trafficking* ng mga Pilipino na pinasok sa mga "scam hub" sa bansang Cambodia, Thailand, Laos at Myanmar. Ayon sa datos ng estado, hindi bababa sa 695 Pilipino ang biktimang nakaligtas ngayong taon sa naturang mga bansa.

Ang *scam hub trafficking* ay isang tipo ng *trafficking* o iligal na rekrutment para sa pagsasamantala, kung saan ang mga biktimang nilinlang ng alok na pekeng trabaho ay ipinasok sa mga *scam hub* o *scam farm* bilang *online scammer* para sa mga sindikato. Bagamat hindi lahat ng biktima ay na-*traffick*, lahat ng manggagawa sa *scam hub* ay ginagamitan ng dahas at pang-aabuso upang pilitin ang mga ito na gawin ang iligal na aktibidad.

Ang kadalasang pinapagawa sa mga biktima ay ang "romance scam" kung saan pina-iibig nila ang mga target na biktima, na kalaunan ay ineengganyong magpadala ng pera sa pekeng negosyo, *cryptocurrency* at iba pang huwad na pamumuhunan. Target ng kanilang operasyon ang mga tao sa mga bansa sa Asia, North at South America, at Middle East. Ang mga *scam hub* ay pinapangasiwaan ng mga dayuhang sindikatong kriminal, kasabwat ang mga lokal na upisyal ng gubyerno.

Unang naiulat ang ganitong porma ng *trafficking* noong 2015. Ngunit nagsimula itong maging talamak at sistematiko noong 2021. Ginamit ng mga sindikato ang mga abandonadong kasino at hotel para gawing *scam hub*. Mayorya ng mga *scam hub* ay nagsimula sa Southeast Asia ngunit lumawak ito hanggang sa West Africa, Middle East at Central America. Target ng mga sindikato ang mga manggagawa na may kaalaman sa *information technology* at mahusay sa lenggwaheng English.

Naging lunsaran din ng scam hub ang Pilipinas, na nagtago sa likod ng mga Philippine Offshore Gaming Operation o POGO na itinayo sa bansa. Marami sa mga inalipin dito'y mga Chinese na iligal na ipinasok sa bansa at mga Pilipino na pinagtrabaho bilang *scammer* sa mga pasilidad na ito.



Ang malagim na karanasan ng mga biktima

Mayorya sa mga Pilipinong biktima ay nahikayat na magtrabaho bilang *customer service representative* sa Cambodia at Myanmar na may sahod na US$700 kada buwan. Ngunit pagdating nila doon ay kinumpiska ang kanilang pasaporte at selpon. Ipinasok sila sa *scam hub*, na ang target ay mga Pilipino sa US.

Alipin at kalakal ang trato sa mga Pilipinong migrante. Kapag hindi nila ginawa ang kanilang trabaho o naabot ang kota, sila'y sinasaktan, ikinukulong nang walang pagkain at pinapahiya ng kanilang mga amo. Pinakamalala nilang dinanas ang tortyur at pagkukuryente. Ang ibang manggagawa ay binebenta sa ibang kumpanya oras na hindi na sila "mapakinabangan" ng kanilang amo.

Bagamat nakaligtas sa mga *scam hub*, marami sa mga biktimang Pilipino ay patuloy na dumaranas ng matinding troma at problema sa kalusugan dahil sa malagim nilang karanasan.

Sa kasalukuyan, may 148 Pilipinong migrante ang nakatakdang iligtas at iuwi sa Pilipinas mula sa iba't ibang *scam hub* sa Asia.

Sa kabila nito, patuloy na pikit-matang umaasa at nahuhulog sa patibong ang mga Pilipino sa alok na pekeng trabaho sa ibang bansa dulot ng matinding krisis sa ekonomya at kawalan ng trabaho sa bansa.

Ang malala, sa halip na magbigay ng pangmatagalang trabaho na may nakabubuhay na sahod, ang Department of Migrant Workers pa mismo ang umaastang "trafficker" ng estado. Inilalako nito ang murang lakas-paggawa ng mga Pilipino sa ibang bansa kapalit ng bilyong dolyar na remitans habang pinaghihiwalay ang mga pamilya at tinatanggalan ng dignidad ang mga migrante. Gusto pa nito ngayong gamitin ang mga lokal na gubyerno bilang “rekruter” ng mga bansa at kumpanyang dayuhan, sa kabila ng di maubos-ubos na mga kwento ng pagsasamantala at abusong dinadanas ng mga migranteng Pilipino.

Hanggat hindi naresolba ang kahirapan at naibabasura ang *labor export program* na nagbubunsod ng mga pwersahang migrasyon, tiyak na dadami pa ang mga biktima na dadahasin at aabusuhin ng mga sindikato, at magsasamantala sa desperasyon ng mga migrante, na walang ibang nais kundi mabigyan ng mas magandang buhay ang kanilang pamilya. AB